*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# Liturgy of the Hours

## Panalangin sa Takipsilim

Ika-24 ng Pebrero, 2026

{ Ika-1 Martes sa Panahon ng Kuwaresma }

Liturgy of the Hours

EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Lulubog na ang araw, maglalahong tuluyan,
Maghapo'y matatapos, pasok ang kadiliman.
Ilaw mo, PANGINOON, sa amin po'y itanglaw,
Puso ay liliwanag sa pag-ibig na bigay.

Ngalan mo'y pinupuri, ngayon kami'y may galak;
Tingnan kami't ingatan hanggang mayroong bukas.
Kasama ng mga banal, aawit kaming lahat.
Ikaw ay pupurihi't kami ay iniligtas.

Diyos Ama na dakila, Anak na mapagpala,
Banal na Espiritu, Isang Diyos na dakila;
Papuring walang hanggan, aawit nang may tuwa
Dahil sa kabutihang kaloob mo sa madla.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Pinutungan ng Diyos ang Kristo ng korona ng tagumpay.

*Salmo 20*

*(Panalangin para sa tagumpay ng hari)*

O dinggin ka nawa ng PANGINOON tuwina
Kung ikaw'y sapitin ng hirap at dusa!
At ang Diyos ni Jacob ingatan ka sana.

Magmula sa templo, sana'y bigyang tulong
At itaguyod ka magbuhat sa Sion!
Ang handog mo nawa ay kanyang tanggapin,

At pahalagahan haing susunugin.

Nawa ang hiling mo ay kanyang ibigay,
At sa panukala'y laging magtagumpay.
Sa pagwawagi mo kami ay sisigaw,
Ang dakilang Diyos ay papupurihan;
Nawa'y tanggapin mo ang 'yong kahilingan,
Biyayang kaloob niyang katugunan.

Ngayon ko natalos na Diyos ang may bigay,
Sa piniling hari, ng kanyang tagumpay!
Siya'y tinutugon noong kalangitan,
Laging kinukupkop, pinagtatagumpay.

Mayroong umaasa sa karong pandigma,
At may sa kabayo naman ang tiwala;
Ngunit ang sa ating matibay na kuta,
Ay kapangyarihan ng Diyos na dakila!
Sila'y manghihina tuluyang babagsak,
Tayo ay tatayo't hindi matitinag!

Pagtagumpayin mo ang hari, O Diyos;
Tugunin mo kami sa aming pagluhog!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Pinutungan ng Diyos ang Kristo ng korona ng tagumpay.

*Antipona 2*

Panginoon, sa iyong mga dakilang gawa'y nagdiriwang kami, at umaawit sa iyo ng mga papuri.

*Salmo 21:2-8, 14*

*(Pasasalamat sa tagumpay ng hari)*

O PANGINOON, dahilan sa lakas mong bigay,
Ang hari'y nagagalak sa kanyang tagumpay.
Binigyan mo siya
Ng lahat ng kanyang mga kailangan,
At iyong dininig, kanyang kahilingan.

Dinalaw mo siya
Na ang iyong taglay ay gintong korona,
Iyong pinagpala't pinutungan siya;
Hiling niya'y buhay
At iyon ang iyong ipinagkaloob,
Buhay na mahaba't walang pagkatapos.

Pinadakila mo nang iyong tulungan,
Naging bantog siya't makapangyarihan.
Iyong pinagpala
Ng pagpapala mong walang katapusan,
Nagagalak siya sa iyong patnubay.

Sa Kataas-taasan
Siya'y nagtiwala; sa pag-ibig ng Diyos,
Ang paghahari niya'y walang pagkatapos.
Halina, O PANGINOON,
Iyong ipadama ang lakas mong taglay,
Magdiriwang kami at mag-aawitan!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Panginoon, sa iyong mga dakilang gawa'y nagdiriwang kami, at umaawit sa iyo ng mga papuri.

*Antipona 3*

Panginoon, hinirang mo kami bilang bansang nagkakaisa at mga pari para sa Diyos na ating Ama.

*Awit: Pahayag 4:11; 5:9, 10, 12*

*(Himig ng Pagliligtas)*

Aming PANGINOON at Diyos!
Karapat-dapat kang tumanggap ng papuri,
Paggalang, at kapangyarihan;

Pagkat ikaw ang lumalang sa lahat ng bagay,
At ayon sa iyong kagustuhan,
Sila'y nilalang mo at pinananatili.

Ikaw ang karapat-dapat na kumuha sa kasulatang nakalulon
At sumira sa mga tatak niyon.

Sapagkat pinatay ka, at sa pamamagitan ng iyong kamatayan
Ay tinubos mo para sa Diyos ang mga tao,
Mula sa bawat lipi, wika, bayan, at bansa.

Ginawa mo silang isang liping maharlika
At mga saserdote para maglingkod sa ating Diyos;
At sila'y maghahari sa lupa.

Ang Korderong pinatay ay karapat-dapat
Na tumanggap ng kapangyarihan,
Kayamanan, karunungan, at kalakasan,
Papuri, paggalang at pagdakila!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Panginoon, hinirang mo kami bilang bansang nagkakaisa at mga pari para sa Diyos na ating Ama.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*Santiago 2:14-18*

Mga kapatid, ano ang mapapala ng tao kung sabihin man niyang siya'y may pananampalataya, ngunit hindi naman niya pinatutunayan sa gawa? Maililigtas ba siya ng gayong pananampalataya? Halimbawa: ang isang kapatid ay walang maisuot at walang makain. Kung sabihin ng isa sa inyo, "Patnubayan ka nawa ng Diyos. Magbihis ka't magpakabusog," ngunit hindi naman siya binibigyan ng kanyang kailangan, may mabuti bang maidudulot sa kanya iyon? Gayon din naman, patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa.

Ngunit may nagsasabi, "May pananampalataya ka at may gawa ako." Sagot ko naman, "Ipakita mo sa akin ang iyong pananampalatayang walang kalakip na gawa, at ipakikita ko naman sa iyo sa pamamagitan ng aking mga gawa ang aking

pananampalataya."

*Tugunan*

O Panginoon, ang dalangin ko'y ang awa mo.

— O Panginoon, ang dalangin ko'y ang awa mo.

Pagalingin ang aking kaluluwa, dahil ako'y nagkasala sa iyo,

— ang dalangin ko'y ang awa mo.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— O Panginoon, ang dalangin ko'y ang awa mo.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Kung nais ninyong manalangin, pumunta kayo sa inyong silid, ipinid ang pintuan, at doon manalangin sa inyong Ama na nakakakita ng lihim.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,

At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Kung nais ninyong manalangin, pumunta kayo sa inyong silid, ipinid ang pintuan, at doon manalangin sa inyong Ama na nakakakita ng lihim.

## Pangkalahatang Panalangin

Binigyan tayo ng babala ni Kristong ating Panginoon na maghanda at manalangin upang malayo sa tukso. Buong puso tayong manalangin sa kanya:

— Kami'y tunghayan, Panginoon, at iyong kaawaan.

Hesus na aming Kristo, ipinangako mong sasapiling ka sa mga taong nananalangin sa iyong ngalan,
tulungan kaming laging manalangin sa iyo sa Ama kasama ng Espiritung Banal.

— Kami'y tunghayan, Panginoon, at iyong kaawaan.

Ikaw na Kasintahang Lalaki ng Simbahan, linisin siya sa bawat karumihan,
turuan siyang maglakbay nang may pag-asa at sa kapangyarihan ng Espiritung Banal.

— Kami'y tunghayan, Panginoon, at iyong kaawaan.

Ikaw na Kaibigan ng sangkatauhan, turuan kaming kumalinga sa aming kapwa gaya ng iyong utos,
upang malinaw ka naming makita bilang liwanag ng sansinukob.

— Kami'y tunghayan, Panginoon, at iyong kaawaan.

Hari ng kapayapaan, ipagkaloob ang iyong kapayapaan sa sanlibutan,
upang sa lahat ng lugar ang iyong pakikipiling ay mahayag sa iyong

kapangyarihang nakapagliligtas.

— Kami'y tunghayan, Panginoon, at iyong kaawaan.

Buksan sa lahat ng mga yumao ang pintuan ng walang hanggang kaligayahan,
tanggapin sila sa kaluwalhatian ng walang hanggang buhay.

— Kami'y tunghayan, Panginoon, at iyong kaawaan.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Amang makapangyarihan,
tunghayan mo kaming iyong mga anak.
Sa pagpapakasakit na lakip ng panahon
ng Kuwaresma tulungan mo kaming umunlad
sa aming pagnanasa na laging makapiling ka
sa pamamagitan ni Hesukristo,
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

LITURGY OF THE HOURS
EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA

*www.ebreviary.com*